

## How do I stand for election?

Para maging nararapat kumandidato sa eleksyon, dapat kang:

- hindi bababa sa 18 taong gulang at isang mamamayang Australiano
- nakatira o may sariling ari-arian sa lugar ng konseho
- kabilang sa listahan ng mga botante para sa lugar ng konseho
- hindi diskwalipikadong kumandidato para sa puwesto, gaya halimbawa, kung may nagawa kang ilang mga paglabag.

Ang isang pagmumungkahi na itinataguyod ka bilang isang kandidato na kailangan isumite nang:

- hindi bababa sa dalawang taong nararapat, na nakalista sa kaparehong rehiyon o lugar na iminumungkahi kang maging kandidato, o
- isang rehistradong opisyal ng isang rehistradong partidong pampulitika.

Dapat mong kumpletuin ang ilang mga pormularyo at opisyal na isumite ang mga ito bago magtanghalian sa araw ng pagsasara ng mga nominasyon at magbayad ng deposito. Makapagbibigay ang [NSW Electoral Commission](#) ng karagdagang impormasyon kung paano magnomina sa tamang paraan (mga detalye ng matatawagan nasa kabilang pahina).

Dapat mong planuhin at i-organisa ang iyong kampanya hangga't maaga. Maaaring naisin mong gumamit ng mga poster, polyeto, pangangatok-pintuan, ang media at patalastas. May mahigpit na mga patakaran sa paggamit ng impormasyon na pinahihintulutan sa paglimbag at pamamahagi para sa mga kandidato at kanilang mga tagasuporta na makukuha mo rin sa [NSW Electoral Commission](#).

Kailangan mo ring isumite ang impormasyon tungkol sa iyong matatanggap na mga donasyong pampulitika bilang tulong sa iyong kampanya sa eleksyon sa [NSW Election Funding Authority](#) (mga detalye ng matatawagan nasa kabilang pahina).

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Makakakuha ka ng dagdag na detalyadong impormasyon sa *Becoming a Councillor* sa mga website ng DLG at LGSA (tingnan sa ibaba).

### Iyong lokal na Konseho

Tingnan sa DLG website ang

[NSW Local Government Directory](#)

(tingnan sa ibaba)

### Division of Local Government Department of Premier and Cabinet (DLG)

Email: [dlg@dlg.nsw.gov.au](mailto:dlg@dlg.nsw.gov.au)

Website: [www.dlg.nsw.gov.au](http://www.dlg.nsw.gov.au)

Telepono: (02) 4428 4100

### Local Government Remuneration Tribunal

Tingnan sa DLG website ang

[Local Government Remuneration Tribunal](#)

### Local Government Association of NSW and Shires Association of NSW (LGSA)

Email: [lgsa@lgsa.org.au](mailto:lgsa@lgsa.org.au)

Website: [www.lgsa.org.au](http://www.lgsa.org.au)

Telepono: (02) 9242 4000

### New South Wales Electoral Commission

Email: [enquiries@elections.nsw.gov.au](mailto:enquiries@elections.nsw.gov.au)

Website: [www.elections.nsw.gov.au](http://www.elections.nsw.gov.au)

Telepono: (02) 9290 5999

### New South Wales Election Funding Authority

Email: [enquiries@efa.nsw.gov.au](mailto:enquiries@efa.nsw.gov.au)

Website: [www.efa.nsw.gov.au](http://www.efa.nsw.gov.au)


Telepono: (02) 1300 022 011

### Australian Local Government Women's Association NSW Branch

Email: [algwasecretariat@gmail.com](mailto:algwasecretariat@gmail.com)

Website: [www.algwa.org.au](http://www.algwa.org.au)

Telepono: 0418 699 350



Local Government  
Association of NSW



Shires Association  
of NSW

**STAND**  
FOR YOUR COMMUNITY.  
**BE A COUNCILLOR.**

KUMANDIDATO  
PARA SA IYONG KOMUNIDAD.  
MAGING ISANG KONSEHAL.

Ang ating lokal na mga komunidad ay may pagkakaiba-iba subalit ang mga kababaihan, Katutubo at taga-islang Torres Strait, mga taong mula sa iba't-ibang mga kinagisnang kultura at wika, mga taong may kapansanan at mga kabataang edad ay kulang sa mga kinatawan sa lokal na mga konseho.

Ang matagumpay na mga konseho ay nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng komunidad.

Bakit hindian ang pagkandidato sa eleksyon ng pamahalaang lokal?

## Bakit kailangan kong maging konsehal?

Ang pagiging konsehal ay nagbibigay ng makapukaw-damdaming pagkakataon upang makagawa ng pagkakaiba sa iyong lokal na komunidad. Kung may pagmamalasakit ka tungkol sa nangyayari sa iyong komunidad, nais mong pagandahin ang parke, maging mas ligtas ang mga kalsada o tumulong sa lokal na mga negosyo, ang pagiging konsehal ay para sa iyo.

Ang pagiging isang lokal na konsehal ay ang paraan upang maisagawa ang mga bagay na ito at gawing mas mahusay na tirahan ang iyong lugar.

Wala nang iba pang antas ng pamahalaan ang mas malapit sa taong kanyang kinakatawan.

Ang pagiging isang konsehal ay nagbibigay ng pagkakataon upang maging kinatawan sa mga pananaw ng komunidad, sa mahahalagang mga desisyon na nakakaapekto sa pang-araw-araw na buhay ng mga tao.

Isang pagkakataon din ito upang magkaroon ng bagong mga kasanayan at makasama sa trabaho ang hanay ng magkakaibang mga tao.

## Ano ang ginagawa ng mga konseho?

Ang mga konseho ay nagbibigay ng mga serbisyong inaasahan ng mga tao at negosyo sa komunidad, 365 araw sa isang taon.

Sila ang nagbibigay ng imprastrukturang kailangan ng mga tao upang magbiyahe patungo sa paaralan at pinagtatrabahuhan. Pinoprotektahan nila ang kapaligiran at nagdudulot ng mga parke para makapaglaro ang mga bata.

Nakikipagtulungan sila sa mga tao at negosyong tagaroon para malaman kung ano ang mahalaga sa kanila at isagawa ang mga ito.

Tinitiyak nila na ang ating mga kanayunan, kabayanan at siyudad ay lumalago at umuunlad ngayon at hanggang sa hinaharap.

## Ano ang ginagawa ng isang konsehal?

Inaalam ng mga konsehal kung ano ang kagustuhan ng mga taong tagaroon at kumakatawan sa kanilang mga pananaw.

Kasama sa pagtatrabaho ang iba pang mga konsehal, sila ay nagdedesisyon kung ano ang gagawin ng konseho upang maisakatuparan ang mga pangangailangang ito at kung paano gagamitin ang pera para sa pinakamabuting interes ng komunidad sa kabuuan. Tinitiyak nila na ang konseho ay kumikilos nang maayos at ginagastos nang mahusay ang pera ng mga binubuwisan.

Hindi sila nakikihalo sa pang-araw-araw na pamamalakad ng konseho (ito ay gawaing ginagampanan ng Pangkalahatang Tagapamahala).

## Ako ba o isang kakilala ko ay nababagay sa gawaing ito?

Ang pagiging may-prinsipyo, bukas-palad at matapat ang mga mahahalagang katangian ng isang matagumpay na konsehal. Dagdag pa rito, kailangan mong:

- maging masigasig na matuto
- mga kasanayan sa komunikasyon, kabilang ang kakayahang makipag-usap sa mga tao sa iyong komunidad at isinasaalang-alang ang iba't-ibang mga pananaw kapag gumagawa ng mga desisyon
- pinamamahalaan ang oras at mga kakayahan sa pag-oorganisa
- mga kakayahan sa paglutas ng problema
- mga kasanayan sa pagtatrabaho kasama sa isang pangkat.

Kailangan mong maglaan ng panahon sa pagbabasa ng mga papeles pang-negosyo ng konseho, pagdalo sa mga pulong at kumatawan sa konseho sa ibang mga kaganapan. Ang oras na kakailanganin mo para dito ay iba-iba depende na sa konseho at mga dapat asikasuhin, ngunit maaaring umaabot ito sa 10-15 oras bawat linggo.

Baka naisin mong dumalo sa isang miting ng konseho, makipag-usap sa isang naka-upo o dati nang konsehal o mga tao sa iyong komunidad tungkol sa lokal na mga problema para masubukan mo kung ano ang gawain ng isang konsehal.

Mahalagang kausapin mo ang iyong kapamilya at mga kaibigan kung sakali bang ikaw ay makatotohanang babagay maging isang konsehal sa iyong buhay, pati na ang ibang magiging trabaho at pansariling mga prayoridad.

## What support will I receive?

Kapag naihalal, matatanggap mo ang nakabase sa konsehong pagsasanay at iba pang suporta para matulungan kang makaintindi at magtagumpay sa iyong gagampanang papel. Ang pamahalaang NSW ay nagpapatakbo rin ng mga sesyon para matulungan ang bagong halal na mga konsehal.

Sinasalo ng mga konseho ang ilang mga gastos at nagbibigay ng iba pang mga gamit (tools) para matulungan ang mga konsehal sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin. Maaaring kasama sa mga gastos ang pagsasanay, mga komperensya, pagbibiyaha, telepono at pangangalaga sa mga umaasa gaya ng mga anak. Kabilang sa iba pang mga gamit ay mga kompyuter at ibang gamit-pang-opisinang gagamitin sa mga trabahong pangkonseho. Ang iba pang mga pasilidad ay maaaring magamit para matulungan ang mga konsehal na may kapansanan o natatanging pangangailangan.

Para kilalanin ang mga ginagawa ng konsehal para sa kanilang komunidad, tumatanggap sila ng taunang bayad na ibinibigay bawat buwan mula sa konseho. Ito ay nakabase sa hanay ng bayad na itinatakda ng [Local Government Remuneration Tribunal](#) para sa bawat tao. (mga detalye ng pagkontak sa kabilang pahina). Ang bayad ay tinuturing na isang kita para sa layunin ng pagbubuwis.

